# A Cord of Three Strands

BIBLIKAL NA MGA PUNDASYON
SA PAG-AASAWA

FILIPINO

# A Cord of Three Strands

## Biblikal na mga Pundasyon sa Pag-aasawa

**FILIPINO**

EVERY NATION
PRODUCTIONS

**A Cord of Three Strands: Biblikal na mga Pundasyon sa Pag-aasawa**

© 2022 ng Every Nation Productions

Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Pastor Edgar and Jeng Gorre, Pastor Sonny Oaman, Pastor Chico and Mary Anne Peña, Pastor Rommel and Maan Sumaway, Pastor Andrei and Jhorace Tupas, Pastor Larry and Yet Uy

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng EVERY NATION PRODUCTIONS

Email: productions@everynation.org.ph

Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari. Walang anumang bahagi ng lathalaing ito ang maaaring kopyahin, elektroniko man o hindi, kabilang ang pagkopya gamit ang rekorder at iba pang makinarya nang walang pormal na nakasulat na pahintulot mula sa EVERY NATION PRODUCTIONS.

Ang lahat ng sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Salita ng Dios® (ASND), karapatang pagmamay-ari © 2015 ng Biblica, Inc.® at ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®

Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari.

Binuo sa Republika ng Pilipinas

## NILALAMAN

Panimula ........ v

1. Nang Pasimula ........ 1
2. Ang Regalong Pag-aasawa ........ 8
3. Ang Dalawa na Pinag-isa ........ 13
4. Pag-ibig ang Tanging Kailangan Natin ........ 19

## PANIMULA

Ang pag-aasawa ay isa sa pinakamahalagang relasyon ng mga tao. Tinitingnan ng iba ang pag-aasawa bilang pagsasama kung saan nagkasundo ang dalawang tao na magsama para matamasa ang kabuhayan, pakikipag-ugnayan, emosyonal, at pisikal na benepisyong dala ng pagsasamang ito. Ngunit gaya ng ibang disenyo, kailangan natin balikan ang orihinal na *blueprint* o plano para maunawaan kung ano talaga ang ibig sabihin ng pag-aasawa. Ano ang orihinal na layunin ng Diyos sa pag-aasawa, at paano natin itatakda ang daan para sa matagumpay na pag-aasawa sa panahon ng maraming nasirang pagsasama?

Para magtatag ng malakas ng pagsasama, kailangan muna nating maunawaan ang biblikal na batayan ng pag-aasawa.

Sa pasimula, nang nililikha ng Diyos ang lahat, ito ang sinabi Niya nang nilikha Niya ang tao:

*. . . "Likhain natin ang tao ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa lahat ng uri ng hayop: mga lumalangoy, lumilipad, lumalakad at gumagapang."* **GENESIS 1:26**

Malinaw sa Kasulatan na nilikha ng Diyos ang tao upang isalamin ang Kanyang wangis at mamahala sa Kanyang mga nilikha. Sa Genesis 2, makikita natin na hindi disenyo ng Diyos para sa lalaki na gawin ito nang mag-isa. Pinasimulan ng Diyos ang pag-aasawa sa pagitan ng lalaki at babae. Dinisenyo Niya tayo na magkaroon ng relasyon sa iba bilang pagsasalamin ng relasyon natin sa Kanya.

Sa materyal na ito, pag-uusapan natin ang orihinal na disenyo ng Diyos sa pag-aasawa. Bagong kasal ka man o matagal nang kasal, mahalagang panghawakan natin ang Biblikal na batayan ng pag-aasawa. Mahalagang maunawaan natin na ang pag-aasawa ay hindi lamang pagsasama, kundi pakikipag-isa na itinatag ng Diyos sa pagitan ng lalaki at babae upang tuparin ang layunin ng Kanyang kaharian. Ang kaalaman natin sa pundasyong ito

ay makakatulong sa pagpapalago ng ating pagsasama—gaya ng dinisenyo ng Diyos.

### Para sa Victory Group Leader

Para sa ilang tao sa iyong Victory group, ang pagtalakay sa mga paksa sa materyal na ito ay maaaring humantong sa mga pag-uusap maliban sa nakalaan para sa Victory group, o pagkonsulta sa isang propesyonal na *counselor* o tagapayo, o kaya ay karagdagang ministeryo o pagtulong. Narito ang ilang mga *tip*, o mga maaaring gawin:

- Humingi ng karunungan mula sa Banal na Espiritu at maingat na talakayin ang bawat paksa, nang may pagtitiwalang ipapakita sa iyo ng Diyos kung paano ka makakapagministeryo sa mga nasa Victory group. Magplano ng maaga at maging handa kung paano man pamumunuan ng Banal na Espiritu ang inyong talakayan.

- Makinig ng walang paghuhusga o anumang paunang kaisipan. Huwag ipagsawalang bahala ang pagbabahagi ng tao at ang mga kwento nila sa pamamagitan ng pagsabi ng mga salitang gaya ng: kailangan mo lang manampalataya, magdasal ka lang, at mas malala pa nga 'yung nangyari sa ibang tao. Maging maingat sa mga paksang ito at alalahanin na ang iba't ibang tao ay may kani-kaniyang maling kaisipan at mga nararamdamang sakit tungkol sa mga paksang ito.

- Sabihin ang katotohanan nang may pagmamahal. Hingin sa Diyos ang pang-unawa at karunungan, nang may pagtitiwala na babaguhin Niya tayo. Tandaan ang proseso ng pagbabago: katotohanan, pagsisisi, at pananampalataya. Lahat tayo ay nasa proseso ng pagpapabanal, at ang pagkakaroon ng magandang espirituwal na kalagayan ay isang paglalakbay. Ang hinahangad natin ay patuloy na pag-unlad at hindi pagiging perpekto. Bagama't hindi natin alam ang lahat ng kasagutan, hindi natin hinahangad ang agad-agad na resulta at tayo ay dapat na sama-samang maglakbay sa pagdidisipulo.

- Humingi ng tulong mula sa ibang Victory group leader at sa mga pastor, kung kinakailangan. Igalang at pangalagaan ang pagka-pribado ng mga tao sa iyong grupo, at maging maingat sa pagbabahagi ng mga pribadong impormasyon.

Sama-sama tayong magministeryo at magbahagi ng katotohanan ng salita ng Diyos nang may pagmamahal at habag.

# 1 Nang Pasimula

## WARM-UP

- Sino ang mag-asawang hinahangaan mo? Bakit?
- Noong dalaga o binata ka pa, ano ang ideya mo tungkol sa buhay mag-asawa? Ano ang nagustuhan mo sa asawa mo?
- Simula nang ikinasal ka, ano ang pinakanakakawili mong natuklasan tungkol sa asawa mo?

**WORD** *Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:24**

Sa Genesis 2:18–25, matatagpuan natin ang orihinal na disenyo ng Diyos sa pag-aasawa. Inilalarawan ng talata ang unang naganap na pag-aasawa at ito ang basehan ng halos lahat ng sinasabi ng Bibliya tungkol dito. Makikita natin na sa simula, ipinahayag na ng Diyos ang mga kadahilanan para sa pag-iisang dibdib at ang mga katotohanan tungkol sa buhay mag-asawa, na—kung isasapamuhay—ay matutulungan tayong magtatag ng buhay mag-asawa na kasiya-siya at makapagbibigay ng parangal sa Diyos.

Narito ang ilang katotohanan na pundasyon ng pag-aasawa:

### 1 Ang pag-aasawa ay ideya ng Diyos.

*Pagkatapos, sinabi ng PANGINOONG Diyos, "Hindi mabuting mabuhay ang tao nang nag-iisa lang, kaya igagawa ko siya ng kasama na tutulong sa kanya at nararapat sa kanya."*
**GENESIS 2:18**

Ang Diyos ang nagdisenyo ng pag-aasawa. Ang Diyos ang lumikha kay Adan at nakita Niya ang pangangailangan nito. Sinabi ng Diyos, "Hindi mabuting mabuhay ang tao nang nag-iisa lang, kaya igagawa ko siya ng kasama na tutulong sa kanya at nararapat sa kanya." Nilikha ng Diyos si Eva, at dinala at ibinigay Niya si Eva kay Adan. Siya ang nagpasimula ng unang seremonya ng pag-iisang dibdib. Hindi kumuha si Adan ng asawa para sa sarili niya; nakatanggap siya ng asawa mula sa Diyos. Lahat ito ay gawa ng Diyos. Ito ang katotohanan—ang pag-aasawa ay isang pagpapala mula sa Diyos.

Dahil ang Diyos ang nagdisenyo ng pag-aasawa, ang mabuting pag-aasawa ay tila isang lubid na may tatlong pilipit na hibla: ang Diyos, ang asawang lalaki, at ang asawang babae. Kung ang Diyos ang nasa gitna ng buhay mag-asawa, magtatagal ito. Kapag iniaayon ng mag-asawang lalaki at babae ang mga sarili nila palapit sa Diyos at sa Kanyang mga pamamaraan, nagiging malapit din sila sa isa't isa. Ngunit, kung aasa lamang sila sa sarili nilang mga kakayahan sa halip na magtiwala sa Diyos, maaaring mararamdaman nila ang paglayo nila sa isa't isa.

Ito ang nangyari kina Adan at Eva nang sinuway nila ang Diyos. Naranasan nila ang lahat ng bunga nito, kabilang na ang pagiging malayo sa Diyos at sa isa't isa. Maging si Adan ay hindi pinanindigan ang pagsuway niya at sa halip ay ipinasa ang sisi kay Eva.

Sa kabilang banda, ang buhay na buhay na ugnayan sa Diyos kung saan araw-araw na namumuhay ang mag-asawa kasama ang Diyos ay isang mahalagang sangkap o bahagi sa buhay mag-asawa upang ito ay maging kasiya-siya at makapagbigay karangalan sa Diyos.

Sa tingin mo, bakit mahalagang umpisahan ang ating diskusyon sa aklat ng Genesis? Ang pag-aasawa ay ideya ng Diyos. Paano binabago ng katotohanang ito ang sarili mong pananaw tungkol sa pag-aasawa?

## 2 Ang pag-aasawa ay sa pagitan ng isang lalaki at isang babae.

*[23]Sinabi ng lalaki, "Narito na ang isang tulad ko! Buto na kinuha sa aking mga buto, at laman na kinuha sa aking laman. Tatawagin siyang 'babae,' dahil kinuha siya mula sa lalaki."*
*[24]Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:23–24**

Sa pasimula, ang orihinal na disenyo ng Diyos sa pag-aasawa ay sa pagitan ng isang lalaki at isang babae, at nananatili itong totoo hanggang ngayon. Hindi magbabago ang katotohanang ito at mananatiling hahangarin na relasyon kung saan parehong mararanasan ng mag-asawa ang masiyahan sa buong benepisyo ng pag-aasawa. Ang pag-iisang dibdib ng isang lalaki at babae sa kasal ay hindi lamang isang kontrata; kundi isang sagradong pangakong ginawa sa harap ng Diyos.

Ang biblikal na pag-aasawa na kasiya-siya at nakapagbibigay ng parangal sa Diyos, ay sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Binigyang-diin ang katotohanang ito sa Genesis 2:24: *silang dalawa ay magiging isa*, kung saan ang *sila* ay tumutukoy sa isang lalaki at isang babae. Paano hinahamon ang ideyang ito sa panahon ngayon? Sa tingin mo, ano ang

mangyayari kung ang pag-aasawa ay makikita lamang bilang isang kontrata at hindi isang sagradong pangako?

## 3 Ang pag-aasawa ay para sa pagsasama.

*Pagkatapos, sinabi ng PANGINOONG Diyos, "Hindi mabuting mabuhay ang tao nang nag-iisa lang, kaya igagawa ko siya ng kasama na tutulong sa kanya at nararapat sa kanya."*
**GENESIS 2:18**

Nakita ng Diyos ang Kanyang nilikha at sinabing "mabuti" ang lahat ng Kanyang nilikha. Pero may napansin Siyang isang bagay na hindi mabuti sa Kanyang nilikha: ang pag-iisa ni Adan.

Kahit pa nakatira si Adan sa isang perpektong mundo, kinilala ng Diyos na kailangan niya ng isang taong makakasama. Nais ng Diyos na magkaroon tayo ng katuwang na sasamahan tayo sa paglalakbay sa buhay. Isang mahalagang rason na ginawa ng Diyos ang pag-aasawa ay para tugunan ang pangangailangan ng tao ng kasama. (Ngunit, hindi ibig sabihin nito na lahat ay tinawag ng Diyos na mag-asawa [tingnan ang Mateo 19:10–12], at hindi rin ibig sabihin nito na matutugunan ng pag-aasawa ang lahat ng pangangailangan natin.) Sa pag-aasawa, magkakaroon tayo ng taong makakasamang mangarap, makikilala ng malapitan, makakasama sa buhay (sa hirap at ginhawa), at makakasamang tumanda.

Nais ng Diyos na matamasa natin ang pag-aasawa, kasama ang pagtatalik sa loob ng pag-aasawa. Dinisenyo ito para sa ating kasiyahan at para tugunan ang isa sa mga malalim nating pangangailangan—ang pagkakaroon ng taong makakasama. Ano ang pinakanagugustuhan mo sa iyong asawa? Paano mo natutunang ipahayag ang pasasalamat at pagmamahal mo?

## 4 | Ang pag-aasawa ay bumubuo ng bagong pamilya.

*Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:24**

Matapos likhain ng Diyos ang babae para kay Adan, sinabi Niya na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa. Kung kaya, ang pag-iisang dibdib ng isang lalaki at babae sa kasal ay para bumuo ng bagong pamilya. Ang prayoridad ng isang lalaki at babae, dahil ikinasal na sila, ay ang bago nilang pamilya. Ang asawang lalaki't babae ay isang pamilya, kahit na wala pa silang anak. Hindi ibig sabihin ng bagong pamilyang ito na hindi na sila anak ng kanilang mga magulang. Lagi sila inuutusan na igalang ang mga magulang nila at alagaan sila sa kanilang pagtanda (1 Timoteo 5:4, 8), pero dapat unahin nila at igalang ang kanilang asawa.

Ang pagiging isa ay hindi lamang tumutukoy sa pagtatag ng bagong pamilya kundi pati na rin ang sekswal na pagiging isa ng mag-asawa, na magiging daan upang magkaroon ng supling. Naaayon ito sa orihinal na utos ng Diyos kay Adan at Eva na *humayo't magpakarami* (Genesis 1:28). Sa pagtingin

natin sa orihinal na disenyo ng Diyos, ano ang nasa isipan mo't saloobin tungkol sa pag-aasawa?

## APPLICATION

- Puntahan ang iyong asawa. Alalahanin kung paano kayo dinala ng Diyos para magsama bilang mag-asawa. Pasalamatan ang asawa at manalangin nang magkasama.
- Ang iyong asawa ba ang prayoridad mo, o ang mga anak, trabaho, o ibang miyembro ng pamilya? Paano mo gagawing prayoridad ang iyong asawa, mula sa araw na ito?
- Mayroon bang mag-asawang tumutulong sa inyo sa pagpapalago ng inyong buhay mag-asawa? Ano ang maaari ninyong gawin ngayong linggo upang makabuo ng ugnayan sa isang mag-asawang makakatulong upang makapag-bigay ng karangalan sa Diyos ang inyong buhay mag-asawa?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa pagkakaloob ng asawa mo. Manalangin na magkasama kayong lumago sa pag-ibig ninyo sa Diyos at sa isa't isa.
- Manalangin na maging kapuri-puri sa Diyos at biyaya sa iba ang inyong buhay mag-asawa.
- Manalanging magpadala ang Diyos ng mag-asawang makakatulong sa inyong buhay mag-asawa. Manalangin na maging kalakasan at patotoo sa iba ang inyong buhay mag-asawa.

# 2 Ang Regalong Pag-aasawa

## WARM-UP

- Ano ang pinakamagandang regalo na natanggap mo sa nakaraang taon?
- Paano mo nakilala ang asawa mo, at paano mo naalala ang sandaling iyon?
- Sa tingin mo, ano ang pinakanagustuhan ng asawa mo sa iyo?

**WORD** *Sinabi ng lalaki, "Narito na ang isang tulad ko! Buto na kinuha sa aking mga buto, at laman na kinuha sa aking laman. Tatawagin siyang 'babae,' dahil kinuha siya mula sa lalaki."* **GENESIS 2:23**

Nang ginawa ng Diyos ang babae mula sa lalaki, magandang sandali iyon. Sabi ni Adan, "*sa wakas*," sinasabi dahil sa paghihintay na natupad sa wakas sa pamamagitan ng pagbubuklod na hindi masisira. Sa bagay, si Eva ang buto ng kanyang buto at laman ng kanyang laman. Gawa ito ng Diyos, ang Kanyang nilikha, at ang regalo sa tao. Parehong kaloob ng Diyos ang asawa at ang pag-aasawa. Base sa Genesis 2, anong uri ng regalo ang pag-aasawa?

## 1 Ang pag-aasawa ay isang eksklusibong regalo.

*Pagkatapos, sinabi ng PANGINOONG Diyos, "Hindi mabuting mabuhay ang tao nang nag-iisa lang, kaya igagawa ko siya ng kasama na tutulong sa kanya at nararapat sa kanya."*
**GENESIS 2:18**

*24 Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa. 25 Nang panahong iyon, kahit hubo't hubad silang dalawa, hindi sila nahihiya.* **GENESIS 2:24–25**

Ang ibig sabihin ng salitang "eksklusibo" ay pinagbabawalan, pinaghihigpitan, o hindi nagpapapasok ng iba. Totoong-totoo ito sa relasyon bilang mag-asawa—eksklusibo lamang ito sa asawang lalaki at babae.

Ang eksklusibong relasyong ito ay lalo pang pinagtibay nang tinuruan ng Diyos ang lalaki na *iwan ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa*. Gaya ng hangad ng Diyos sa pag-aasawa bilang eksklusibong relasyon, maging tapat ka sa anumang ipinagkatiwala sa iyo—parehong ang kasunduan ng pag-aasawa at ang asawa mo. Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa pag-iwan ng asawang lalaki sa kanyang ina't ama na may kaugnayan sa pagiging eksklusibo ng pag-aasawa? Sa tingin mo, bakit kailangang *makikipag-isa* ang lalaki sa kanyang asawa?

## 2 | Ang pag-aasawa ay isang personal na regalo.

*[18]Pagkatapos, sinabi ng PANGINOONG Diyos, "Hindi mabuting*
*mabuhay ang tao nang nag-iisa lang, kaya igagawa ko siya ng*
*kasama na tutulong sa kanya at nararapat sa kanya." [19]Nilikha*
*ng PANGINOONG Diyos mula sa lupa ang lahat ng uri ng hayop na nakatira sa lupa pati ang lahat ng uri ng hayop na lumilipad. Pagkatapos, dinala niya ang mga ito sa tao para tingnan kung ano ang ipapangalan nito sa kanila. At kung ano ang itatawag*
*ng tao sa kanila, iyon ang magiging pangalan nila. [20]Kaya*
*pinangalanan ng tao ang mga hayop na nakatira sa lupa pati ang mga hayop na lumilipad. Pero para kay Adan, wala kahit isa sa kanila ang nararapat na maging kasama niya na makakatulong sa kanya.* **GENESIS 2:18–20**

Pag-isipan mo ito—ginawang tungkulin ni Adan ang pagpapangalan sa mga hayop, pero walang nakita ritong katuwang na nararapat sa kanya. Walang hayop ang makakabuo o makakapuno ng puwang ni Adan para sa isang relasyon. Ginamit ng Diyos ang oportunidad na ito upang muling ipakita na Siya ang mapagmahal at personal na Diyos, sa pamamagitan ng pagbibigay kay Eva bilang regalo.

Ang mga salitang *kasama na tutulong* sa Genesis 2:18 ay tumutukoy sa isang babae o asawang babae na pinagkalooban ng Diyos ng kalakasan. Pinupunan ng asawang babae ang asawang lalaki para tuparin ang layunin ng Diyos para sa pamilya nila, gaya ng pagkumpleto ng kaliwang sapatos sa kanang sapatos, o ng kutsara sa tinidor.

Ibig sabihin din ng pagiging personal ay ang pagiging malapit o minamahal ng isang tao. Ang pag-aasawa ay hindi isang ugnayang itinakda para kung kanino lang, kundi isang relasyong personal na pinili. Bahagi ng kung sino ka ang iyong asawa. Ito ay ang pagiging isa ng mga puso at buhay ng mag-asawa. Paano mababantayan ng asawang lalaki at babae ang personal at malapit na ugnayan ng kanilang relasyon?

## 3 | Ang pag-aasawa ay isang regalong may halaga.

*[21]Kaya pinatulog ng PANGINOONG Diyos ang tao nang mahimbing. At habang natutulog siya, kinuha ng PANGINOONG Diyos ang isa sa mga tadyang ng lalaki at pinaghilom agad ang pinagkuhanan nito. [22]Ang tadyang na kinuha ng PANGINOONG Diyos sa lalaki ay nilikha niyang babae, at dinala niya sa lalaki.*

**GENESIS 2:21–22**

Kung nilikha ng Diyos si Adan galing sa alikabok, bakit nilikha ng Diyos si Eva mula sa tadyang ni Adan? Ito ay para ipakita na ang asawang babae ni Adan ay bahagi niya, iisang laman at kapantay niya ng halaga; hindi siya mas mababa. Naging paalala ito na sila ay iisa. Kung kaya, dapat pahalagahan at mahalin ng asawang lalaki *ang asawa niya tulad ng pagmamahal niya sa kanyang sarili* (Mga Taga-Efeso 5:28).

Ipinagkaloob ng Diyos ang asawang lalaki't babae bilang natatanging regalo sa isa't isa. Tinatag Niya rin ang kasunduan ng pag-iisang dibdib bilang regalo sa kanilang pareho. Tinawag ang asawang lalaki't babae na maging tapat sa napakagandang regalo ng pag-aasawa. Paano mo natutunang ipakita sa iyong asawa kung paano mo siya pinapahalagahan?

## APPLICATION

- Paano mo babantayan ang pagiging eksklusibo ng inyong pagsasama? Ano ang isang bagay na gusto mong ibahin, mula ngayon?
- Ano ang isang bagay na nagpapasalamat ka sa iyong asawa? Paano ninyo pinupunan ang isa't isa? Ibahagi ang sagot sa isa't isa at hikayatin ang isa't isa na pahalagahan ang inyong pagsasama araw-araw.
- Paano mo ilalarawan ang iyong pagsasama bilang mag-asawa? Ano ang kaalaman o aral na maaari mong ibahagi sa ibang mag-asawa o sa mga ikakasal pa lamang?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa Kanyang katapatan sa inyo, sa buhay mag-asawa ninyo, at sa inyong pamilya. Itaas ang inyong pangangailangan at alalahanin sa Diyos.
- Humingi sa Diyos ng kalakasan at karunungang kailangan mo para makita at mabantayan ang inyong pagsasama bilang regalo.
- Humingi ng mga oportunidad sa Diyos upang makasamang lumago ang ibang mag-asawa at matulungan ninyo ang isa't isa na maparangalan ang Diyos sa inyong pagsasama at mga pamilya.

# 3 Ang Dalawa na Pinag-isa

## WARM-UP

- Nagpanggap ka na ba bilang ibang tao? Epektibo ka ba? Kamusta ang karanasan mong ito?
- Sino ang pinakamagaling na kilala mong manggagaya? Ilarawan ang ginagawa niya.
- Ano ang hitsura ng pagiging totoo sa pagsasama ninyo? Balikan ang isang pagkakataong makapagpapaliwanag nito.

## WORD

*[31]Sinasabi sa Kasulatan, "Iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa." [32]Kamangha-mangha itong malalim na katotohanan na ipinahayag ng Diyos. Isinasalarawan nito ang ugnayan ni Cristo at ng iglesya niya.* **MGA TAGA-EFESO 5:31–32**

(Basahin din ang **MGA TAGA-EFESO 5:26–27.**)

Disenyo ng Diyos ang pag-aasawa, hinahayaan tayong matikman ang langit sa lupa. Sa katunayan, ang pag-aasawa ang pinakamalapit na paraan para makipag-ugnayan ang lalaki't babae sa isa't isa, at kapareho nito ang pakikipag-ugnayan natin sa Diyos.

Ngunit, ang kakulangan ng pag-unawa sa disenyo at layuning ito ay nagbubunga ng salungat na epekto, nagbubunga sa malalim na sugat, sakit, at hindi pagtanggap sa pagitan ng asawang lalaki't babae. Ito ang dahilan kung bakit mahalagang bumalik sa isa sa mga pinagbabatayang katotohanan tungkol sa pag-aasawa—ang kasunduan ng pagiging isa.

Ang kasunduan ng pag-aasawa ay taimtim at hindi mapapawalang-bisang kasunduan sa harap ng Diyos. Itinatatag nito o sineselyohan ang relasyon sa pagitan ng asawang lalaki at babae, at itinakdang magtagal habambuhay. Sa pag-unawa sa kapangyarihan ng kasunduan, makakamtan ng mga mag-asawa

ang magagandang biyayang inihanda ng Diyos para sa atin sa konteksto ng kasunduan ng pag-aasawa.

Mayroong dalawang kamangha-manghang katotohanang tinukoy si Pablo tungkol sa unang pag-iisang dibdib at sa uri ng relasyon na orihinal na dinisenyo ng Diyos.

## 1 | Ang pag-aasawa ay sagrado.

*Sinasabi sa Kasulatan, "Iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa."* **MGA TAGA-EFESO 5:31**

Ano ang uri ng relasyong nagbubuklod sa dalawang tao? Ang mga salitang *makikipag-isa, at silang dalawa ay magiging isa*, ay tumutukoy sa isang bagay na mas dakila at mas permanente sa halip na sunod-sunod na pag-aasawa at nabigong pangako. Itinuturo ng mga salitang ito ang sagradong kasunduang nag-uugat sa mga pangako ng kasunduan.

Hindi lamang matapat na kumikilos ang Diyos para pagsamahin ang dalawang tao; Siya rin ang nagsimula ng kasunduang ito. Siya ang nagsasama ng asawang lalaki't babae. Sa orihinal na Griyego, ang salitang *makikipag-isa* ay nasa *'passive voice,'* at isinalin ng maraming modernong salin ng Bibliya bilang "makikianib" o "magkakaisa." Ang ibig sabihin nito ay hindi nanggagaling sa asawang lalaki't babae ang pangunahing galaw para makianib sa isa't isa. Sa halip, pinag-iisa sila ng iba, na tumutukoy sa Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit, nang binanggit ni Jesus ang Genesis 2:24 sa Mateo 19:5–6, malinaw Niyang ipinaliwanag kung sino ang nag-isa sa kanila: *"Kaya hindi dapat paghiwalayin ng tao ang pinagsama ng Diyos."*

Samakatuwid, ang pagkakaroon ng asawa ay hindi lamang tungkol sa pag-ibig. Una sa lahat, tungkol ito sa pagtupad sa kasunduan. Ang "hanggang kamatayan" ay isang sagradong pangako sa kasunduan—ang uri ng pangakong binitawan

ni Jesus sa Kanyang papakasalan, ang Iglesya, nang Siya ay mamatay para sa kanya.

Ang kapangyarihan ng pag-aasawa ay higit pa sa pagmamahalan ng isang lalaki at babae para sa isa't isa. Sa halip, galing ito sa kasunduang pinangunahan ng Diyos nang pinag-isa Niya ang dalawa. Ang kasunduang ito ang nagpapanatili sa pag-aasawa, kung kaya matutupad natin ang ating pangako, "panghabambuhay." Paano napapanatili ng pag-aasawa ang pag-ibig sa pagitan ng asawang lalaki't babae? Paano natin mababantayan ang sagradong pakikipag-isang ito?

## 2 Ang pag-aasawa ay sumasalamin sa relasyon ng Iglesya kay Cristo.

*[31]Sinasabi sa Kasulatan, "iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa." [32]Kamangha-mangha itong malalim na katotohanan na ipinahayag ng Diyos. Isinasalarawan nito ang ugnayan ni Cristo at ng iglesya niya.* **MGA TAGA-EFESO 5:31–32**

*[25]Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa, tulad ng pagmamahal ni Cristo sa kanyang iglesya. Inihandog niya ang kanyang sarili para sa iglesya [26]upang maging banal ito matapos linisin sa pamamagitan ng bautismo sa tubig at ng salita ng Diyos. [27]Ginawa niya ito para maiharap niya sa kanyang sarili ang iglesya na maluwalhati, banal, walang kapintasan, at walang anumang bahid o dungis.*
**MGA TAGA-EFESO 5:25–27**

Ang orihinal na disenyo ng pag-aasawa ay isang larawan ng misteryo na mailalahad kay Cristo, ang pakikipag-isa Niya sa Iglesya. Nakaayon ito sa kasunduan ni Cristo ng pakikipag-isa sa Iglesya.

Ang pag-iwan sa ama at ina at pakikipag-isa sa asawa ay itinakda upang ipakita ang bagong kasunduang ito—ang pag-iwan ni Jesu-Cristo sa Kanyang Ama upang makipag-isa sa Kanyang pakakasalan. Ang Kanyang buhay ang naging kabayaran upang mapasa-Kanya ang pakakasalan Niyang puno ng kapintasan.

Gaano man karami ang mga kamalian sa pagsasama, mananatili itong itinakda upang ipakita ang pag-ibig at kasunduan ni Cristo sa Kanyang pakakasalan, ang Iglesya. Hindi pangunahin ang pagmamahalan sa pag-aasawa. Tungkol ito sa paglalahad ng ebanghelyo. Layunin ng pag-aasawa na maranasan natin ang pagmamahal, katapatan, kapatawaran, pagtanggap, pagtubos, at pagsasama ng buhay, pangarap, at hangarin.

Ang pag-aasawa ay hindi lamang tungkol sa pagmamahalan; layunin nitong ipakita sa isang asawa, sa pamilya, at sa lahat ng nakakasaksi sa pagsasamahan ang pakikipag-isa at ugnayan ni Cristo sa Kanyang Iglesya.

Ang pag-iwan ng asawang lalaki sa kanyang ama at ina at pakikipag-isa sa kanyang asawa ay itinakda upang ipakita kung paano "iniwan" ni Jesu-Cristo ang Kanyang Ama upang makipag-isa sa Kanyang mapapangasawa, ang Iglesya. At isinakripisyo Niya ang sarili Niyang buhay para sa Iglesya upang matubos, malinis, at magawa Niyang perpekto ang Kanyang mapapangasawa. Tulad nito, dapat ay maisalamin ito sa kasunduang pag-aasawa sa pagitan ng dalawang taong puno ng kamalian, kung saan mayroong mga personal na sakripisyong para sa kapakanan ng asawa.

Ang pangunahing layunin ng pag-aasawa ay ang ituro ang daan patungo kay Cristo at sa Kanyang walang pag-aalinlangang katapatan sa kasunduang hindi Niya iiwan o pababayaan man ang Kanyang mapapangasawa. Paano ipinapakita ng inyong pagsasama ang pakikipagkasunduan ng Diyos at ang pakikipag-isa ni Cristo sa Kanyang Iglesya?

## APPLICATION

- Bilang mag-asawa, maglaan ng panahon upang patawarin ang mga hinanakit na naibigay ninyo sa isa't isa sa inyong pagsasama. Ipanalangin ang pagsasama ninyo at ulitin ang pangako ninyo sa kasunduan ng inyong pag-iisang dibdib.
- Sa tingin mo, paano maisasalamin ng pagsasama ninyo ang kasunduan ni Cristo sa Iglesya? Sa anong mga bagay sa pagsasama ninyo maipapakita ang pag-ibig ni Cristo sa Kanyang mapapangasawa?
- Kung ang Diyos ang nanguna sa pag-iisang dibdib, sa tingin mo, ang Diyos din ba ang nagpapanatili nito? Paano nito matutulungan ang ibang mag-asawa na nahihirapan sa kanilang buhay mag-asawa?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos para sa inyong pagsasama at manalanging patagalin ng Diyos ang inyong relasyon. Ipanalangin na pagpalain ang iyong asawa ngayon.
- Ipanalangin ang mga pagsasama sa inyong Victory group. Humingi ng biyaya, kagalingan, at pag-ibig sa Diyos.
- Ipanalangin na maisalamin ng pagsasama ninyo ang pag-ibig ni Cristo para sa Iglesya. Ipanalangin na magkaroon ng epekto ang inyong pagsasama sa buhay mag-asawa ng iba at sa mga pamilya sa paligid mo.

# 4 Pag-ibig ang Tanging Kailangan Natin

## WARM-UP

- Paano mo nalamang nahulog na ang loob mo sa taong napangasawa mo?
- Ano ang paborito ninyong *love song*? Ano ang nagustuhan ninyo rito?
- Sino ang masasabi mong unang nagpapaubaya para matugunan ang pangangailangan sa inyong pagsasama at pamilya? Umalala ng pagkakataong nagpapaliwanag nito.

## WORD

*Umiibig tayo sa Diyos dahil siya ang unang umibig sa atin.* **1 JUAN 4:19**

*[25]Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa, tulad ng pagmamahal ni Cristo sa kanyang iglesya. Inihandog niya ang kanyang sarili para sa iglesya [26]upang maging banal ito matapos linisin sa pamamagitan ng bautismo sa tubig at ng salita ng Diyos. [27]Ginawa niya ito para maiharap niya sa kanyang sarili ang iglesya na maluwalhati, banal, walang kapintasan, at walang anumang bahid o dungis. [28]Kaya dapat mahalin ng lalaki ang asawa niya tulad ng pagmamahal niya sa kanyang sarili. Sapagkat ang nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili. [29–30]Walang taong nasusuklam sa sariling katawan, sa halip, pinapakain niya ito at inaalagaan. Ganito rin ang ginagawa ni Cristo sa atin dahil bahagi tayo ng kanyang katawan na tinatawag na iglesya . . .* **MGA TAGA-EFESO 5:25–30**

Ang *"All We Need Is Love"* ay isang kilalang tema tungkol sa mga relasyon sa ating kultura. Madalas, ang pag-ibig na ito ay base lamang sa damdamin at karanasan (hal., paghanga, *sparks*, mga emosyon, malakas na atraksyon). Kung ito lamang ang uri ng

pag-ibig na pundasyon ng pag-aasawa, base ito sa pagsisikap ng tao—at sa huli, mapapagod at mahahapo tayo rito.

Sa Mga Taga-Efeso 5, inutusan ang mga lalaki na mahalin ang kanilang asawa gaya ng pag-ibig ni Cristo sa Iglesya. Sa lalo nating pagdanas ng pag-ibig ng Diyos, lalago tayo sa pag-ibig na pagsasaluhan sa ating pagsasama. Ano ang klase ng pag-ibig na binigay sa atin ng Diyos na isasalamin natin sa ating pagsasama?

## 1 Ang pag-ibig na walang pag-iimbot ang nagbibigay buhay sa atin.

*[9]Ipinakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang isinugo niya ang kanyang kaisa-isang anak dito sa mundo, upang sa pamamagitan niya ay magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan. [10]Ito ang tunay na pag-ibig: hindi tayo ang umibig sa Diyos kundi siya ang umibig sa atin; at isinugo niya ang kanyang anak upang akuin ang ating mga kasalanan para sa kapatawaran natin.* **1 JUAN 4:9–10**

Ibinigay ng Diyos ang Kanyang bugtong na Anak para mamatay sa ating kasalanan. Ngayon mayroon na tayong buhay na walang hanggan at matatamasa natin ang relasyon natin sa Diyos dahil sa sakripisyo ni Cristo. Ang pag-ibig na walang kondisyon at walang pag-iimbot ay kailangang-kailangan sa ating pagsasama. Sa pagtanggap natin sa pag-ibig ni Cristo para sa atin na walang pag-iimbot at magkaroon ng buhay sa pamamagitan nito, buong puso nating maibibigay sa ating mga asawa ang pag-ibig na walang kondisyon. Paano mo natutunang ipahayag sa iyong asawa ang pag-ibig ni Cristo nang walang pag-iimbot?

## 2 Ang walang hupang pag-ibig ang nananatili at hindi mapapawi hanggang wakas.

*[12]Wala pang tao na nakakita sa Diyos. Ngunit kung nagmamahalan tayo, ang Diyos ay sumasaatin at lubos na natupad ang kanyang pag-ibig sa atin . . . [16]Kaya nakilala na natin at pinaniwalaan ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig. At ang nabubuhay nang may pag-ibig ay nananatili sa Diyos at nananatili rin sa kanya ang Diyos.* **1 JUAN 4:12, 16**

Mayroong pariralang "hanggang kamatayan" sa tradisyonal na pangako sa kasalan. Umaasa tayong magtatagal ang ating pagsasama hanggang huli. Ngunit, masasalamin lamang natin ang ganitong pag-ibig sa ating pagsasama kung nararanasan at nauunawaan natin ang hindi bumibitiw na pag-ibig ng Diyos. Bilang mga mananampalataya, alam nating nananahan ang presensya ng Diyos sa atin, nararanasan natin ang Kanyang presensya, at hindi Niya tayo iiwan kailanman. Nananatili Siya hanggang maging perpekto ang Kanyang pag-ibig sa atin. Paano naipakita ng Diyos sa iyo ang pag-ibig Niyang hindi bumibitaw? Paano naging basehan ng pag-ibig sa ating pagsasama ang pag-ibig ng Diyos?

## 3 Ang ganap na pag-ibig ang pumapawi sa takot.

*Walang anumang takot sa pag-ibig. Pinapawi ng ganap na pag-ibig ang anumang takot. Kung natatakot man ang isang tao, ito'y dahil sa takot na maparusahan, at ipinapakita lang nito na hindi pa lubos na natupad sa kanya ang pag-ibig.* **1 JUAN 4:18**

Kapag natanggap natin ang perpektong pag-ibig ng Diyos, hindi na natin dapat katakutan pa ang paghatol o paggawad ng parusa. Pinapawi ng pag-ibig ng Diyos ang takot, at masasalamin ito sa ating pagsasama. Buong puso tayong makapagbibigay at makatatanggap ng pag-ibig na walang kondisyon galing sa isa't isa dahil ang Diyos ang unang nagbigay sa atin ng Kanyang pag-ibig na walang hanggan, walang kondisyon, at walang kamalian. Dahil dito, natural na lumabas ang ganitong pag-ibig sa pakikitungo natin sa ating asawa. Kapag naranasan natin ang pag-ibig na ito galing sa Diyos, maaari nating mahalin ang ating asawa sa paraang hindi nagpaparusa o nanghuhusga. Hindi tayo naglilista ng mali, at tinatanggap natin ang isa't isa. Ang pag-ibig natin sa isa't isa ay hindi perpekto, pero perpekto ang pag-ibig ng Diyos at lubos itong natutupad sa atin. Paano ipinaliwanag ng talatang ito ang takot at pag-ibig? Ano ang ginagawa ng *ganap na pag-ibig* sa *takot*?

Sa pamamagitan ng grasya ng Diyos, habang lumalago tayo sa ating pagsasama, dapat tayong magtiwala at magpakita ng walang pag-iimbot, hindi humuhupa, at ganap na pag-ibig na naranasan natin sa Diyos. Dapat nating mahalin ang ating asawa bilang pag-apaw ng pag-ibig ng Diyos.

## APPLICATION

- Kilalanin ang bahagi ng iyong buhay kung saan kailangan mong maranasan ang pag-ibig ng Diyos na walang pag-iimbot. Paano ka lalago sa iyong pag-unawa sa pag-ibig ng Diyos ngayong linggo?
- Pangalanan ang isang sugat na hindi pa naghihilom sa iyong relasyon at kausapin ang asawa mo tungkol dito. Humingi ng kapatawaran sa isa’t isa.
- Ano ang isang bagay na magagawa mo upang patatagin ang relasyon mo sa iyong asawa? Isipin kung paano ka makakapaglaan ng oras na walang aabala kasama siya ngayong linggo.

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos sa pag-ibig Niyang walang kondisyon para sa iyo. Manalanging baguhin ka ng Diyos bilang mananampalataya at asawang nais Niya.
- Maglaan ng panahon para magsisi sa mga pagkakataon at bahagi ng iyong buhay kung saan hindi mo naipakita ang pag-ibig sa iyong asawa at maaaring nasira ang aspetong iyon ng inyong relasyon. Humingi ng tawad sa Diyos.
- Manalangin na lagi mong maipakita sa iyong asawa ang Kanyang pag-ibig na walang hanggan, walang kondisyon, at walang bahid. Humingi ng tulong sa Diyos na lagi mong pipiliin na magmahal, kahit sa mahirap na sandali o panahon.

> *[18]Pagkatapos, sinabi ng PANGINOONG Diyos, "Hindi mabuting mabuhay ang tao nang nag-iisa lang, kaya igagawa ko siya ng kasama na tutulong sa kanya at nararapat sa kanya." . . . [22]Ang tadyang na kinuha ng PANGINOONG Diyos sa lalaki ay nilikha niyang babae, at dinala niya sa lalaki. . . . [24]Iyan ang dahilan na iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at makikipag-isa sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isa.* **GENESIS 2:18, 22, 24**

Ang pag-aasawa ay isa sa pinakamahalagang relasyon ng mga tao. Tinitingnan ng iba ang pag-aasawa bilang isang pagsasama kung saan nagkasundo ang dalawang tao na magsama para matamasa ang kabuhayan, pakikipag-ugnayan, emosyonal, at pisikal na benepisyong dala ng pagsasamang ito. Ngunit malinaw sa Kasulatan na higit pa sa pagsasama ang pag-aasawa. Sa materyal na ito, pag-uusapan natin ang orihinal na disenyo ng Diyos sa pag-aasawa. Pag-aaralan natin ang mga Biblikal na pundasyong makakatulong upang magbago tayo at maisalamin natin ang imahe ng Diyos at upang mapalago ang pagsasama ng mag-asawa—gaya ng dinisenyo ng Diyos.

## MGA PAKSA

- Nang Pasimula
- Ang Regalong Pag-aasawa
- Ang Dalawa na Pinag-isa
- Pag-ibig ang Tanging Kailangan Natin

EVERY NATION
PRODUCTIONS